

Mayo 11, 2022

Pagpapanibago sa Overlea Boulevard: Don Mills Road hanggang Thorncliffe Park Drive

Inaanyayahan ng Lungsod ng Toronto ang mga residente na matuto nang higit pa at magbigay ng katugunan sa mga iminungkahing pagbabago sa Overlea Boulevard. Ang isang pagbabagong isinasaalang-alang ay ang pagpapalit ng timog na pakaliwang sasakyan mula sa Don Mills Road papunta sa Gateway Boulevard. Ang mga benepisyo ng pagbabagong ito ay kinabibilangan ng mas mahusay na kaligtasan, pagbibiyaha, at pangkalahatang daloy ng trapiko kaysa sa isa pang opsyon na isinasaalang-alang na nagpapanatili sa timog na pakaliwang pagliko para sa mga sasakyan. Ang ilang mga motorista ay kailangang gumamit ng ibang ruta upang makarating sa kanilang destinasyon.





Noong Marso 2022 ang Lungsod ng Toronto ay nagsagawa ng mga pampublikong konsultasyon para sa mga unang konsepto ng disenyo para sa Overlea Boulevard. Salamat sa katugunan ng publiko, mayroon na kaming inirerekomendang plano para sa Overlea Boulevard na:

- Pinapabuti ang kaligtasan para sa lahat
- Pinapanatili ang mga kalsada para sa pagmamaneho, pagbibiyaha, paghahatid, at mga serbisyong pang-emerhensiya
- Pinapahusay ang pampublikong lupain para sa mga lokal na residente at bisita



Ang Lungsod ng Toronto ay nagmumungkahi na pabutihin ang kaligtasan para sa mga taong naglalakbay sa kahabaan ng Overlea Boulevard sa mga sumusunod na lokasyon:

1. Don Mills Road, Overlea Boulevard, at Gateway Boulevard na interseksyon
2. Overlea Bridge
3. Overlea Boulevard, kanluran ng tulay sa Thorncliffe Park Drive
4. Thorncliffe Park Drive East at Overlea Boulevard na interseksyon

<p>Matuto nang higit pa</p>  <p>Suriin ang inirerekomendang konsepto ng disenyo sa Mayo 25, sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng proyekto.</p> <p>www.toronto.ca/overlea</p>	<p>Magbigay ng katugunan</p>  <p>Kumpletuhin ang isang online na pagsisiyasat o humiling ng naka-print na kopya. Magsumite ng mga komento sa pamamagitan ng email, koreo o telepono.</p> <p>Taning na oras ng komento: Hunyo 6, 2022</p>	
<p>malo sa Kaganapan</p> 	<p>Virtual na Pampublikong Pagpupulong Petsa: Mayo 25, 2022 Oras: Alas 6:30 hanggang alas 8:30 ng gabi</p> <hr/> <p>Sumali sa virtual na pagpupulong sa pamamagitan ng kompyuter, smartphone o tablet</p> <p>Bisitahin ang webpage upang magparehistro: www.toronto.ca/overlea</p> <hr/> <p>Sumali sa virtual na pagpupulong sa pamamagitan ng telepono (audio lang) I-dial ang: 416-915-6530</p> <p>Access Code: 2469 697 0099</p> 	<p>In-Person na Drop-in na Kaganapan Petsa: Mayo 26, 2022 Oras: Mag-drop-in sa anumang oras mula alas 3:00 ng hapon hanggang alas 8:00 ng gabi</p> <p>Lokasyon: R.V. Burgess Park** 46 Thorncliffe Park Drive</p> <p>**Kung sakaling magkaroon ng malakas na ulan, ililipat ang drop-in sa Jenner Jean-Marie Community Center - 48 Thorncliffe Park Drive</p>

Karagdagang Impormasyon

Steven Ziegler

Nakatataas na Koordinator ng Pampublikong Konsultasyon
Metro Hall, 19th Floor, 55 John Street, Toronto, ON M5V 3C6

* Kokolektahin ang impormasyon alinsunod sa Batas ng Kalayaan sa Impormasyon at Proteksyon ng Pagkapribado ng Munisipyo (Municipal Freedom of Information and Protection of Privacy Act). Maliban sa personal na impormasyon, lahat ng komento ay magiging bahagi ng pampublikong rekord.

Email: Overlea@toronto.ca

Telepono: 416-338-2848